# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-4 NG AGOSTO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR..............GUMANAP NA PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar.......................................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.............................................. Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon.............................................. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas.............................................. Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca.............................................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco.......................................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......................................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ricardo B. Ramirez.......................................... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan........................ Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 181-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 108-T'99 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG CALLIOS NA INILILIPAT ANG LAANG GUGULING NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG LIBONG PISO (P2,000.00) MULA SA MENTINANSYA AT IBA PANG GUGULIN NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY HALAGANG SIYAM NA LIBONG PISO (P9,000.00) NA NAKALAAN SA SEMINAR UPANG IPAMBAYAD SA TAUNANG BUTAW NG SAMAHAN NG PAMBAYANG LIGA NG BARANGAY.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 108-T'99 / at Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Callios na naglalayong makapaglipat at makapaglaan ng pondo, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

SAPAGKA'T, ang naturang paglilipat ng gugulin ay naaayon sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang iba pang gawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ng Sangguniang Barangay ng Callios;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 108-T'99 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Callios na inililipat ang Laang Guguling nagkakahalaga ng Dalawang Libong Piso (P2,000.00) mula sa mentinansya at iba pang gugulin ng nabanggit na barangay na may halagang Siyam na Libong Piso (P9,000.00) na nakalaan sa seminar upang ipambayad sa taunang butaw ng samahan ng Pambayang Liga ng Barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Callios, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Gumanap na Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

HEIDI S. CIRIACO
Gumanap na Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE 8-17
STA. CRUZ, LAGUNA